9

DepED DEPARTMENT OF EDUCATION

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Mga Salik ng Produksiyon at ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng Tao

DRAFT
DAY 2020




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Ikasiyam na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 4: Mga Salik ng Produksiyon at ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng Tao**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

DRAFT
07/21/2020

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Edna A. Opog, Erlina G. Pacio, Jessa T. Cabugua, Bernd V. Merida
Carmela Tabunda, Clarissa Joy B. Garay, Emecar E. Rasonable
Jumar G. Tumala, Leicerrio S. Pausanos Jr., Roseller O. Maicon,
Juvey R. Mustapha

**Editor:** Mohamar D. Rindo PhD, Nelson S. Lasagas

**Tagasuri:** Alma L. Carbonilla EdD, Ramel P. Cael, EdD

**Tagaguhit:** Leicerrio S. Pausanos Jr.

**Tagalapat:** Carmela T. Sorino

**Tagapamahala:** Dr. Isabelita M. Borres CESO III
Pedro Melchor M. Natividad, PhD, CSEE
Eugenio B. Penales EdD
Sonia D. Gonzales
Juliet A. Magallanes EdD
Florencio R. Caballero DTE

**I**
**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region IX**
Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City
E-mail Address: region9@deped.gov.ph

9

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 4:
## Mga Salik ng Produksiyon at ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng Tao

DRAFT
07212020

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Araling Panlipunan-9 ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul para sa araling Mga Salik ng Produksiyon at ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng Tao!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

DRAFT
07212020

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Araling Panlipunan-9 ng *Alternative Delivery Mode* (ADM) Modyul ukol sa Mga Salik ng Produksiyon at ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng Tao!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at *icon* na dapat mong maunawaan.

DRAFT 07212020

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

| | | |
|---|---|---|
| | ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| | ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| | ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| | ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| | ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

DRAFT
07212020

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*

| Pamantayang Pangnilalaman | Pamantayan sa Pagganap |
|---|---|
| Ang mga mag-aaral ay may pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pamumuhay. | Ang mag-aaral ay naisasabuhay ang pag-unawa sa mga pangunahing konsepto ng ekonomiks bilang batayan ng matalino at maunlad na pang-araw-araw na pam<br>umuhay. |

**Mga Nilalaman (Paksa/ Aralin)**

1. Mga Salik ng Produksiyon at ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay ng Tao

**Mga Pamantayan sa Pagkatuto**

Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

1. Natatalakay ang mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay.

DRAFT 07212020

Sa nakaraang aralin, natutunan ang tungkol sa paunang ideya o konsepto ng produksiyon. Iyong natiyak ang kahalagahan ng mga produktong tinaguriang *inputs* bilang susi sa pagbuo ng mga produktong tinatawag na *outputs*. Natutunan mo rin na maaaring dumaan ng ilang proseso ang isang payak na bagay upang ito ay maging isang higit na mahalang produkto na maaaring tumutugun sa mga pangangailangan ng tao.

Sa modyul na ito ay mapag-aaralan ang tungkol sa salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pamamagitan ng pagsama-sama ng salik (*factors of production)* nagiging posible ang produksiyon ng ibat ibang produkto na mahalaga sa buhay ng tao. Sa tulong ng mga gawain sa araling ito, iyong mahihinuha kung gaano kahalaga ang bawat salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw -araw na pamumuhay ng tao.

## Subukin

### Panimulang Gawain: Paunang Pagtataya

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1.Alin sa sumusunod ang nagpapatunay na may naiibang katangian ang lupa bilang salik ng produksyon?
   a. tinataniman ng mga magsasaka
   b. patayuan ng mga imprastraktura
   c. itinuturing ito na fixed o takda ang bilang
   d. pinagmumulan ito ng mga input sa produksyon

2.Ang produksyon ay proseso ng pagpapalit anyo ng produkto sa pamamagitan ng:
   a. paggamit ng mga hilaw na sangkap
   b. pagtayo ng mga pabrika
   c. pagsasama-sama ng mga salik upang makabuo ng output o produkto
   d. pagkamalikhain ng mga manggagawa

3. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa kabayaran sa paggamit ng *capital* sa proseso ng produksyon?
   a. interes
   b. kita
   c. pera
   d. regalo

4. Paano nakakatulong ang paggamit ng makinarya sa produksyon?
   a. maraming hilaw na sangkap ang magagamit
   b. maraming *output* ang mabubuo
   c. mas magiging mabilis ang paglikha ng mga produkto
   d. matutugunan ang pangangailangan ng mga konsyumer

5. Ang isang *entrepreneur* ay itinuring bilang "Kapitan ng Negosyo". Ang sumusunod ay katangiang taglay niya MALIBAN sa:
   a. puno ng inobasyon
   b. maging malikhain
   c. may kakayahang magpatupad ng presyo sa pamilihan
   d. handang makipagsapalaran sa kahihinatnan ng negosyo

6. Paano mo patunayan na kakambal ng paggawa ang capital?
   a. paggawa at capital ay parehong salik ng produksyon
   b. kaakibat ng lakas at galling sa paggawa ang kalidad at dami ng capital
   c. teknolohiya na gawa ng tao ay magagamit rin bilang kapital
   d. d.magkapareho ang dami ng manggagawa at capital sa pagnenegosyo

7. Bakit itinuring ang lupa na pangunahing salik ng produksyon?
   a. pinagmulan ito ng lahat ng produktong ibenenta sa pamilihan
   b. dito nagmumula ang raw materials na kinakailangan sa pagbuo ng bagong produkto
   c. mas malawak ang sukat ng lupaing tinataniman
   d. ito ay patayuan ng mga imprastraktura na kailangan sa produksyon

DRAFT 07212020

8. Ito ay nanggagaling sa kakayahan at kasanayan ng isang taong nagtatrabaho.
   a. kapital
   b. lupa
   c. paggawa
   d. produksyon
9. Alin sa sumusunod ang kita ng entrepreneur matapos magtagumpay sa pakikipagsapalaran sa negosyo?
   a. interes
   b. sahod
   c. *subsidy*
   d. tubo o *profit*
10. Ang *input* ay mga salik na ginamit sa pagbuo ng produkto. Sa nabuong output na "mesa at silya", alin sa sumusunod ang mga *input* nito?
   a. kagamitan, makinarya, manggagawa
   b. kahoy, kagamitan, makinarya
   c. kagamitan, makinarya, manggagawa, kahoy
   d. tabla, makinarya, teknolohiya
11. Sa pang araw-araw na buhay ng mga tao ay may pagkonsumo. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang nagpapatunay sa pagkakaiba ng produksyon at pagkonsumo?
   a. Ang produksyon ay pagproseso ng produkto at ang pagkonsumo ay paggamit ng produkto.
   b. Nililikha ang produkto sa produksyon, samantala ginagamit ito sa pagkonsumo.
   c. Ang produksyon ay proseso ng pagsasama-sama ng mga salik upang makabuo ng produkto at ang pagkonsumo ay pagbili at paggamit ng produkto na magbibigay ng kapakinabangan sa tao.
   d. Sa produksyon maraming produktong bibilhin samantala sa pagkonsumo nasisiyahan ang mga tao sa pagbili ng produkto.
12. Ang taglay na talino at kakayahan ng tao ay mahalaga. Ano ang material na gawa ng tao na ginagamit sa produksyon?
   a. malawak na lupain
   b. libo-libong binhi ng prutas
   c. makinarya at teknolohiya
   d. maayos na daan at tulay
13. Ang pahayag na kung saan napakahalaga ng inobasyon para sa isang entrepreneur dahil magaganap ang patuloy na pagbabago sa kaniyang mga likhang produkto ay ideya ni ___________, isang ekonomista ng ika-20 siglo.
   a. Abraham Harold Maslow
   b. Edward Denison
   c. Joseph Schumpeter
   d. Upton Sinclair
14. Sa apat na salik ng produksyon, ito ay tumutukoy sa kalakal na nakalilikha ng bagong produkto.
   a. enterprise
   b. kapital
   c. lupa
   d. paggawa

DRAFT 07212020

15. Saan nanggagaling ang lupa, lakas paggawa, capital at kakayahang entrepreneur bilang mga salik ng produksyon?
   a. bahay-kalakal
   b. industriya
   c. pamahalaan
   d. sambahayan

16. Sa produksyon, nagaganap ang transpormasyon ng mga raw materials sa pagbuo ng bagong produkto sa pamamagitan ng kahusayan at sipag ng mga
   a. kapitalista
   b. *landlord*
   c. manggagawa
   d. opisyales

17. Bakit may malaking ginagampanan ang mga manggagawa sa ating pang araw-araw na pamumuhay?
   a. Sila ang tagaproseso upang makabuo ng produkto.
   b. Sila ang kumukuha ng mga hilaw na sangkap.
   c. Ang kanilang paggawa ng mga produkto ay tumutugon sa pangangailangan ng mga tao.
   d. Ang kanilang paglilingkod ay ipinagkaloob sa mga tao.

18. Ang mga manggagawang may kakayahang mental o may "white collar job" ay mas ginagamit ang kanilang isip kaysa lakas ng katawan sa paggawa, samantala ang mga manggagawang may kakayahang pisikal o may "blue collar job" ay________________.
   a. ginagamit ang lakas ng katawan lamang
   b. mas ginagamit ang lakas ng katawan na sinasabayan ng angking kakayahan sa kanilang paggawa
   c. kakayahan at talino ng mga manager, doctor, inhinyero
   d. nagtatrabaho sa malalaking kompanya

19. Ito ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo.
   *a. business outsourcing*
   *b. entrepreneur*
   *c. entrepreneurship*
   *d. online business*

20. Alin sa sumusunod ang HINDI nagpapahayag ng kahalagahan ng produksyon sa pang araw-araw na pamumuhay?

   a. Ang produksyon ay lumilikha ng trabaho.
   b. Ang mga kinita mula sa bawat salik ng produksyon ay nagagamit ng sambahayan sa pagbili ng produkto at serbisyo.
   c. Ang produksyon ay pinagmumulan ng mga produktong kailangang ikonsumo sa pang araw-araw.
   d. Ang pagkonsumo ay nagbibigay- daan sa produksyon ng produkto at serbisyo, kaya dahil dito masasabing mas mahalaga ang produksyon kaysa sa pagkonsumo.

DRAFT 07.21.2020

| Aralin 1 | Mga Salik ng Produksiyon at Ang Implikasyon Nito sa Pang-araw-araw na Pamumuhay |
|---|---|



## *Balikan Natin*

DRAFT 07.21.2020

**Gawain 1: IRF *Chart***

Panuto: Sagutin ang IRF *Chart*. Isulat mo sa hanay ng I – initial ang kasagutan sa tanong na: "Para sa'yo ano-ano ang mga salik ng produksyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay? Ang dalawang natitirang hanay ay sasagutan mo sa mga susunod na bahagi ng pag-aaral mo sa paksa.

IRF *Chart*

| | |
|---|---|
| *I-nitial Answer* | |
| *R-evised Answer* | |
| *F-inal Answer* | |

## *Tuklasin*

### *Gawain 2: Larawan-Suri*

Panuto: Suriin ang mga larawan sa ibaba at sagutin ang mga pamprosesong tanong pagkatapos nito.









**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang iyong mabubuong pamagat nito?
2. Paano nauugnay ang bawat pangkat ng mga larawan sa isat isa?
3. Sa palagay mo, mahalaga ba sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao ang mga bagay o tao na nasa larawang ito? Ipaliwanang ang sagot.

## Suriin

Matapos mong malaman ang mga paunang impormasyon tungkol sa aralin, ngayon naman ay iyong lilinangin ang mga kaalamang ito sa tulong ng mga teksto at mga inihandang gawain upang maging iyong batayan sa pagkamit ng mga impormasyon. Ang pinakatiyak na layunin ng bahaging ito ay matutuhan mo bilang mag-aaral ang mahahalagang ideya o konsepto tungkol sa salik ng produksiyon. Inaasahang magagabayan ka ng mga inihandang gawain at teksto upang masagot ang katanungan kung gaano kahalaga ang bawat salik ng produksiyon sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao. Halina't umpisahan mo na muli ang iyong pag-aaral.

## MGA SALIK NG PRODUKSIYON

DRAFT
07/21/2020

### Lupa Bilang Salik ng Produksiyon

Sa ekonomiks, ang lupa ay hindi lamang tumutukoy sa tinataniman ng mga magsasaka o pinagtatayuan ng bahay. Kasama rin ditto ang lahat ng yamang likas sa ibabaw at ilalim nito, pati ang mga yamang tubig, yamang mineral, at yamang gubat. Hindi tulad ng ibang salik, ang lupa ay may naiibang katangian sapagkat ito ay *fixed* o takda ang bilang. Samakatuwid, ang wastong paggamit ng lupa ay mahalaga. Malaki man o maliit ang sukat nito, kailangang tiyakin ang pagkakaroon ng produktibong paggamit.

### Paggawa Bilang Salik ng Produksyon

Ang mga likas na yaman at mga hilaw na sangkap ay hindi magiging kapakipakinabang kung hindi gagamitin at gagawing produkto. Nangaangahulugan ito na kailangan ang mga manggagawa sa transpormasyon ng mga hilaw na materyales sa pagbuo ng tapos na produkto o serbisyo. Ang lakas- paggawa ay tumutukoy sa kakayahan ng tao sa produksyon ng kalakal o serbisyo. May dalawang uri ang lakas-paggawa: ang mga manggagawang may kakayahang mental o silang mga tinatawag na may white-collar job. Mas ginagamit ng manggagawang may kakayahang mental ang kanilang isip kaysa sa lakas ng katawan sa paggawa. Halimbawa ng mga ito ay ang mga doctor, abogado, inhinyero, at iba pa. Ang katawagang white collar ay unang ipinakilala ni Upton Sinclair, isang Amerikanong manunulat noong 1919.

Ang isa pang uri ng lakas-paggawa ay ang mga manggagawang may kakayahang pisikal o silang mga tinaguriang may blue collar job. Mas ginagamit naman nila ang lakas ng katawan kaysa sa isip sa paggawa. Halimbawanito ang mga karpintero, drayber, magsasaka, at iba pa. Saho o sweldo ang tawag sa pakinabang ng manggagawa sa ipinagkaloob na paglilingkod. Ang mga manggagawa ay may

malaking ginagampanan sa ating pang araw-araw na pamumuhay sapagkat ang kanilang paggawa ng produkto at serbisyo ang tumutustos sa ating pangangailangan.

**Kapital Bilang Salik ng Produksyon**

Ang kapital ay tumutukoy sa kalakal na nakalilikha ng iba pang produkto. Mas magiging mabilis ang paggawa kung may mga makinarya o kasangkapang gagamitinang mga manggagawa. Ang mga kagamitang ito na gawa ng tao ay ginagamit sa paglikha ng panibagong kalakal ay isang halimbawa ng capital. Ang capital ay maaariding iugnay sa salapi at imprastraktura tulad ng mga gusali, kalsada, tulay pati na ang mga sasakyan.

Ang pagsulong ng ekonomiya ng isang bansa ay hindi lamang nakadepende sa lupa at lakas-paggawa. Ayon sa artikulo ni Edward F. Denison na may pamagat na "*The Contribution of Capital to Economic Growth*" (1962), ang capital ay isa sa mga saliksa pagtamo ng pagsulong ng isang bansa. Sa makabagong ekonomiya, nangangailangan ang mga bansa na mangalap ng malaking capital upang makamtan ang pagsulong. Ang kabayaran sa paggamit ng capital sa proseso ng produksyon ay tinatawag na interes.

***Entrepreneurship* Bilang Salik ng Produksyon**

Itinuturing na pang-apat na salik ng produksyon ang entrepreneurship. Ito ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo. Ang entrepreneur ang tagapag-ugnay ng naunang mga salik ng produksyon upang makabuo ng produkto at serbisyo. Siya rin ang nag-oorganisa, nagkokontrol at nakikipagsapalaran sa mga desisyon sa mga bagay na makaaapekto sa produksyon. Taglay ng isang entrepreneurang pag-iisip na maging malikhain, puno ng inibasyon at handa sa pagbabago. Ayon kay Joseph Schumpeter, isang ekonomista ng ika-20 siglo, napakahalaga ng inobasyon para sa isang entrepreneur. Ipinaliwanag niya na ang inobasyon o patuloy na pagbabago ng entrepreneur sa kaniyang produkto at serbisyo ay susi sa pagtamo ng pagsulong ng isang bansa.


Maliban sa pagiging magaling na innovator tulad ng paggamit ng makabagong pamamaraanat estilo sa paggawa ng produkto at pagkakaloob ng serbisyo, ang sumusunod ay ilan sa mga katangian na dapat taglayin upang maging matagumpay na *entrepreneur*:

1. Kakayahan sa pangangasiwa ng negosyo.
2. Matalas na pakiramdam hinggil sa pagbabago sa pamilihan.
3. May lakas ng loob na humarap at makipagsapalaran sa kahihinatnan ng negosyo.

Ang tubo o profit ay tumutukoy sa kita ng isang entrepreneur. Ito ay kita ng entrepreneur matapos magtagumpay sa pakikipagsapalaran sa negosyo. Sinasabing hindi nakatitiyak ang entrepreneur sa kanyang tubo dahil hindi pa niya alam ang kahihinatnan ng kaniyang pagnenegosyo.

DRAFT 07212020


Ang produksyon ang tumutugon sa ating pangangailangan. Kung walang produksyon ay wala rin tayong produkto at serbisyo na ikokonsumo. Ang mga salik na lupa, paggawa, capital, at entrepreneurship ay may malaking bahaging ginagampanan sa prosesong ito. Kapag ang mga salik na ito ay nag-ugnay-ugnay, ito ay magdudulot ng mga produkto at serbisyona tutugon sa ating pang-araw-araw na pangangailangan.



## *Pagyamanin*

### Gawain 3: Buuin Natin-Mga Salik ng Produksyon

*Panuto***:** Sagutin ang *graphic organizer* tungkol sa mga salik ng produksyon. Isulat sa loob ng kahon ang mga salik ng produksyon, at ang kahalagahn nito.





DRAFT 07212020

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano ang mga salik ng produksyon at ang kahalagahan nito sa pang-araw-araw na pamumuhay ng tao?
2. Bakit mahalaga ang ginampanan ng bawat salik sa proseso ng produksiyon?
3. Sa iyong palagay, alin sa mga salik ang pinakamahalaga sa proseso ng Produksyon? Pangatwiran ang sagot.

## Gawain 4. Ikot-Nawain

Panuto: Suriin at unawaing mabuti ang dayagram sa ibaba na nagpapakita ng paikot-daloy ng produksyon.




DRAFT 07212020

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ang ilustrasyon sa itaas ay may kinalaman sa produksyon, ano ang ipinapahiwatig nito?
2. Batay sa dayagram na iyong nakikita, paano nauugnay ang input sa output? Pangangatwiran.
3. Bilang mag-aaral, bakit mahalaga sa iyo ang pag-uugnay-ugnay ng mga salik sa pang-araw-araw na buhay?

## Gawain 5: IRF *Chart*

Sa pagkakataong ito, sagutan mo na ang IRF *Chart*. Kung iyong natatandaan ay isinulat mo ang iyong *I-initial* na kasagutan sa tanong na “Para sa’yo, ano-ano ang mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay? Ngayon naman ang iyong pagkakataon na baguhin o *i-revise* ang naunang kasagutan. Isaayos mo ang mga konsepto na taliwas sa iyong napag-aralan. Isulat ang iyong kasagutan sa bahagi ng *revised*.

**IRF *Chart***


| | |
|---|---|
| *I-nitial Answer* | |
| *R-evised Answer* | |
| *F-inal Answer* | |

DRAFT
07212020

Matapos mong mapalalim ang iyong kaalaman ukol sa salik ng produksiyon, maaari ka nang pumunta sa susunod na bahagi ng aralin. Ihanda mo ang iyon sarili para sa mas malalim pa na pag-unawa ng konsepto ng salik ng produksiyon.

**Gawain 6. Isulat Mo Sa *Tri-Linear Model*!**

Panuto: Layunin ng gawaing ito na mabigyang diin sa pamamagitan ng pagsulat sa boxes ng mahahalagang konseptong may kaugnayan sa produksiyon mula sa tekstong iyong binasa.




DRAFT
07212020

## *Isaisip*

Mula sa binasang teksto tungkol sa produksiyon. **Narito ang mahahalagang kaalaman na dapat mong tandaan:**

1. Hindi lahat ng bagay sa paligid ay maaaring ikonsumo agad ng tao.
2. May mga bagay na kailangan pang idaan sa proseso upang maging higit na kapaki-pakinabang.
3. Ang produksiyon ay proseso ng pagpapalit anyo ng produkto sa pamamagitan ng pagsasama-sama ng mga salik.
4. Ang lupa, bilang salik ng paggawa, ay *fixed* o takda ang bilang kaya't mahalaga ang wastong paggamit nito.
5. Ang likas na yaman at hilaw na sangkap ay dapat gawing produkto upang maging kapaki-pakinabang.
6. Ang lakas-paggawa ay tumutukoy sa kakayahan ng tao sa produksiyon ng kalakal o serbisyo.
7. Ang white collar job bilang uri ng lakas-paggawa ay tumutukoy sa mga manggagawang mas ginagamit ang isip kaysa lakas sa paggawa.
8. Ang blue collar job naman ay tumutukoy sa mga manggagawang may kakayahang pisikal.
9. Ang paggawa ng produkto o serbisyo ng mga manggagawa ang siyang tumutustos sa pangangailangan ng mga tao.
10. Kapital ang tawag sa kalakal na nakalilikha ng iba pang produkto.
11. Ang pagsulonh ng ekonomiya ng isang bansa ay nakadepende sa lupa, lakas-paggawa at kapital.
12. Ang *entrepreneurship* ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng tao na magsimula ng negosyo.
13. *Entrepreneur* naman ang tawag sa tagapag-ugnay ng naunang salik ng produksiyon upang makabuo ng produkto o serbisyo.
14. Ang *innovation* o patuloy na pagbabago ng *entrepreneur* sa kaniyang produkto o serbisyo ay susi sa pagtamo ng pagsulong ng isang bansa.
15. Ang produksiyon ang siyang tumutugon sa pangangailangan ng tao.

DRAFT 07212020

## *Isagawa*

### Gawain 7. Basa-Suri

Panuto: Basahin at pag-aralan ang balita na may pamagat na "Hataw sa Rice Production, Pararangalan."

CABANATUAN CITY – Nakatakdang gawaran ng Department of Agriculture (DA) ng "Agri-Pinoy Rice Achievers Award" ang mga lalawigan, bayan, at indibidwal na malaki ang ambag sa pagtamo ng hangarin ng pamahalaan na staple self-sufficiency. Sinabi ni DA Regional Executive Director Andrew Villacorta na kabilang ang Nueva Ecija at Bulacan sa sampung top performing provinces sa buong bansa.


Sila ay makakakuha ng tig-aapat na milyong pisong halaga ng mga proyekto. Kasama naman sa 48 na nagwagi sa municipal category at makatatanggap ng tig-isang milyong pisong halaga ng mga proyekto ang Talavera, Guimba, General Tinio, Llanera, Sta. Rosa, Sto. Dominggo, Cuyapo, at Lupao sa Nueva Ecija at maging ang San Rafael sa Bulacan. May kabuuang 87 technicians at opisyal naman sa Gitnang Luzon ang itinanghal na Outstanding Agricultural Extension Workers (AEW) na mag-uuwi ng tig-Php20,000 halagang insentibo. May 350 iba pang AEW's, 10 irrigators' associations at tatlong small water impounding system associations sa buong kapuluanang pagkakalooban din ng naturang pagkilala sa isang seremonya ngayong araw sa Philippine International Convention Center.

DRAFT 07.21.2020

Nakapagtala ang Gitnang Luzon ng 138 porsyentong rice sufficiency level noong nakaraang taon kahit pa sinalanta ito ng matinding pag-ulan dulot ng habagat. Sinabi ni Villacorta na umabot sa 3,220,607 metriko toneladang palay mula sa 675,781 ektarya ang naani, na ang average yield ay 4.77 metriko tonelada kada ektarya. Ang produksiyon noong 2012 ay 23 porsyentong mas mataas kumpara sa 2,616,083 metriko toneladang naitala noong 2011 at ito ay nakaambag sa 18 porsyento ng pambansang produksiyon alinsunod sa "Food Staple Self-Sufficiency Program."

Ayon sa *Regional Agricultute Chief*, ang pagsasanib ng mga programa at proyekto patungkol sa climate change adaptation ng mga tanggapan ng pambansa at local na pamahalaan ang dahilan ng agarang pagkabawi mula sa sakuna at paglago ng produksiyon. –Light A. Nolasco

Pinagkukunan: http://www.balita.net.ph/2013/03/15/hatawan-sa-rice-production-pararangalan/




DRAFT 07212020



# Tayahin

## *Panghuling Pagtataya*

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap at piliin ang tamang titik na tumutukoy sa tumpak na kasagutan. Isulat sa sagutang papel ang mga sagot.

1.Alin sa sumusunod ang nagpapatunay na may naiibang katangian ang lupa bilang salik ng produksyon?

a. tinataniman ng mga magsasaka
b. patayuan ng mga imprastraktura
c. itinuturing ito na fixed o takda ang bilang
d. pinagmumulan ito ng mga input sa produksyon

2. Paano nakatulong ang paggamit ng makinarya sa produksyon?

a. maraming hilaw na sangkap ang magagamit
b. maraming output ang mabubuo
c. mas magiging mabilis ang paglikha ng mga produkto
d. matutugunan ang pangangailangan ng mga konsyumer

3. Alin sa sumusunod ang tumutukoy sa kabayaran sa paggamit ng capital sa proseso ng produksyon?

a. interes
b. kita
c. pera
d. regalo

4.Ang produksyon ay proseso ng pagpapalit anyo ng produkto sa pamamagitan ng:

a. paggamit ng mga hilaw na sangkap
b. pagtayo ng mga pabrika
c. pagsasama-sama ng mga salik upang makabuo ng output o produkto
d. pagkamalikhain ng mga manggagawa

5. Ang isang entrepreneur ay itinuring bilang "Kapitan ng Negosyo". Ang sumusunod ay katangiang taglay niya MALIBAN sa:

a. puno ng inobasyon
b. maging malikhain
c. may kakayahang magpatupad ng presyo sa pamilihan
d. handang makipagsapalaran sa kahihinatnan ng negosyo

6. Ito ay nanggagaling sa kakayahan at kasanayan ng isang taong nagtatrabaho.

a. kapital
b. lupa
c. paggawa
d. produksyon

DRAFT 07212020

7. Bakit itinuring ang lupa na pangunahing salik ng produksyon?
   a. pinagmulan ito ng lahat ng produktong ibenenta sa pamilihan
   b. ditto nagmumula ang raw materials na kinakailangan sa pagbuo ng bagong produkto
   c. mas malawak ang sukat ng lupaing tinataniman
   d. ito ay patayuan ng mga imprastraktura na kailangan sa produksyon

8. Paano mo patunayan na kakambal ng paggawa ang capital?
   a. paggawa at capital ay parehong salik ng produksyon
   b. kaakibat ng lakas at galling sa paggawa ang kalidad at dami ng capital
   c. teknolohiya na gawa ng tao ay magagamit rin bilang kapital
   d. magkapareho ang dami ng manggagawa at capital sa pagnenegosyo

9. Alin sa sumusunod ang kita ng entrepreneur matapos magtagumpay sa pakikipagsapalaran sa negosyo?
   a. interes
   b. sahod
   *c. subsidy*
   d. tubo o *profit*

10. Ang input ay mga salik na ginamit sa pagbuo ng produkto. Sa nabuong output na "mesa at silya", alin sa sumusunod ang mga input nito?
   a. kagamitan, makinarya
   b. kahoy, kagamitan, makinarya
   c. kagamitan, makinarya, manggagawa, kahoy
   d. tabla, makinarya, teknolohiya

11. Sa pang araw-araw na buhay ng mga tao ay may pagkonsumo. Alin sa mga pahayag sa ibaba ang nagpapatunay sa pagkakaiba ng produksyon at pagkonsumo?
   a. Ang produksyon ay pagproseso ng produkto at ang pagkonsumo ay paggamit ng produkto.
   b. Nililikha ang produkto sa produksyon, samantala ginagamit ito sa pagkonsumo.
   c. Ang produksyon ay proseso ng pagsasama-sama ng mga salik upang makabuo ng produkto at ang pagkonsumo ay pagbili at paggamit ng produkto na magbibigay ng kapakinabangan sa tao.
   d. Sa produksyon maraming produktong bibilhin samantala sa pagkonsumo nasisiyahan ang mga tao sa pagbili ng produkto.

12. Ang mga manggagawang may kakayahang mental o may "*white collar job*" ay mas ginagamit ang kanilang isip kaysa lakas ng katawan sa paggawa, samantala ang mga manggagawang may kakayahang pisikal o may "*blue collar job*" ay________________.
   a. ginagamit ang lakas ng katawan lamang
   b. mas ginagamit ang lakas ng katawan na sinasabayan ng angking kakayahan sa kanilang paggawa
   c. kakayahan at talino ng mga manager, doctor, inhinyero
   d. nagtatrabaho sa malalaking kompanya

DRAFT 0721 2020

13. Ang pahayag na kung saan napakahalaga ng inobasyon para sa isang entrepreneur dahil magaganap ang patuloy na pagbabago sa kaniyang mga likhang produkto ay ideya ni ___________, isang ekonomista ng ika-20 siglo.
   a. Abraham Harold Maslow
   b. Edward Denison
   c. Joseph Schumpeter
   d. Upton Sinclair

14. Sa apat na salik ng produksyon, ito ay tumutukoy sa kalakal na nakalilikha ng bagong produkto.
   *a. enterprise*
   b. kapital
   c. lupa
   d. paggawa

15. Saan nanggagaling ang lupa, lakas paggawa, capital at kakayahang entrepreneur bilang mga salik ng produksyon?
   a. bahay-kalakal
   b. industriya
   c. pamahalaan
   d. sambahayan

16. Sa produksyon, nagaganap ang transpormasyon ng mga *raw materials* sa pagbuo ng bagong produkto sa pamamagitan ng kahusayan at sipag ng mga:
   a. kapitalista
   b. landlord
   c. manggagawa
   d. opisyales

17. Bakit may malaking ginagampanan ang mga manggagawa sa ating pang araw-araw na pamumuhay?
   a. Sila ang tagaproseso upang makabuo ng produkto.
   b. Sila ang kumukuha ng mga hilaw na sangkap.
   c. Ang kanilang paggawa ng mga produkto ay tumutugon sa pangangailangan ng mga tao.
   d. Ang kanilang paglilingkod ay ipinagkaloob sa mga tao.

18. Ang taglay na talino at kakayahan ng tao ay mahalaga. Ano ang material na gawa ng tao na ginagamit sa produksyon?
   a. malawak na lupain
   b. libo-libong binhi ng prutas
   c. makinarya at teknolohiya
   d. maayos na daan at tulay

19. Ito ay tumutukoy sa kakayahan at kagustuhan ng isang tao na magsimula ng isang negosyo.

   *a. business outsourcing*
   *b. entrepreneur*
   *c. entrepreneurship*
   *d. online business*

DRAFT
07212020

20. Alin sa sumusunod ang HINDI nagpapahayag ng kahalagahan ng produksyon sa pang araw-araw na pamumuhay?

a. Ang produksyon ay lumilikha ng trabaho.
b. Ang mga kinita mula sa bawat salik ng produksyon ay nagagamit ng sambahayan sa pagbili ng produkto at serbisyo.
c. Ang produksyon ay pinagmumulan ng mga produktong kailangang ikonsumo sa pang araw-araw.
d. Ang pagkonsumo ay nagbibigay- daan sa produksyon ng produkto at serbisyo, kaya dahil ditto masasabing mas mahalaga ang produksyon kaysa sa pagkonsumo.

# ***Karagdagang Gawain***

DRAFT
07212020

## Gawain 8. IRF *Chart*

Muli mong balikan ang IRF *Chart.* Sa bahaging ito ay isusulat mo na ang iyong Final na kasagutan batay sa iyong pag-unawa sa pakasang tinalakay. Inaasahan din na malinaw mo nang masasagot ang mga katanungang: Ano-ano ang mga salik ng produksiyon at ang implikasyon nito sa pang-araw-araw na pamumuhay? Handa ka na ba? Isulat mo na ang iyong *Final* na kasagutan.

**IRF *Chart***

| | |
|---|---|
| *I-nitial Answer* | |
| *R-evised Answer* | |
| *F-inal Answer* | |

## *Susi sa Pagwawasto*

**Panmulang Pagatataya**

1. c
2. c
3. a
4. c
5. c
6. b
7. b
8. c
9. d
10. c
11. c
12. c
13. c
14. b
15. d
16. c
17. c
18. b
19. c
20. D

**Panghuling Pagatataya**

1. c
2. c
3. a
4. c
5. c
6. c
7. b
8. b
9. d
10. c
11. c
12. b
13. c
14. b
15. d
16. c
17. c
18. b
19. c
20. d

DRAFT 07212020

# Mga Sanggunian


Mga aklat at Modyul

1. Araling Panlipunan 9 Curriculum Guide
2. Balitao, B. *Ekonomiks.* Philippines: DepEd-IMCS (2015).
3. Matrix of Curriculum Standards (Competencies), with Corresponding Recommended Flexible Learning Delivery Mode and Materials per Grading Period

Mga pinagkunan ng larawan

1. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Manny_Villar_T%27nalak_Festival_2009.jpg
2. https://www.flickr.com/photos/instantvantage/5556036722
3. https://asiatimes.com/2019/06/se-asia-bucks-global-foreign-investment-downswing/
4. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Teresita_Sy-Coson1.jpg
5. https://en.wikipedia.org/wiki/Tony_Tan_Caktiong
6. https://www.needpix.com/photo/1339715/money-bills-philippinemoney-peso-object-savings-background
7. https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Small_farm_house_in_the_rice_fields_of_Bohol_2.jpg
8. https://www.flickr.com/photos/scobleizer/3009516045


DRAFT
07212020

DRAFT
07212020

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph